# Paano Maghanda para sa Iyong Pagdinig Kaugnay ng Pagkawala ng Trabaho

May mga tanong? Nangangailangan ng interpreter?

Tumawag sa (800) 366-0955

***Sino ang dirinig at magpapasya sa aking apela?***
Kapag mayroong tao o negosyo na hindi sumasang-ayon sa pasyang ginawa ng Departamento ng Seguridad sa Pagtatrabaho (Employment Security Department, ESD), ang Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings, OAH) ang dirinig at magpapasya sa dispute. Walang pinapanigan at hindi empleyado ng ESD ang hukom na dirinig ng iyong kaso.

***Paano ako dadalo sa aking pagdinig?***
Sa pamamagitan ng telepono. Dapat kang tumawag para makalahok. Sundin ang mga tagubilin sa Abiso sa Pagdinig.

***Paano kung kailangan ko ng Interpreter?***
Nasa English ang mga pagdinig at pasya. Kung ikaw o ang sinuman sa iyong mga saksi ay mangangailangan ng interpreter, makipag-ugnayan sa OAH sa (800) 366-0955 sa lalong madaling panahon. Ang mga kaibigan at miyembro ng pamilya ay hindi puwedeng magsalin para sa isang panig o saksi.

***Paano kung kailangan ko ng tulong para sa kapansanan?***
Kung kailangan mo ng tulong, makipag-ugnayan sa OAH sa (800) 366-0955 sa lalong madaling panahon.

***Paano kung kailangan kong magpapalit ng iskedyul ng aking pagdinig?***
Kung kailangan mong magpapalit ng petsa o oras ng iyong pagdinig, tawagan ang OAH sa **(800) 366-0955** sa lalong madaling panahon. May hukom na susuri sa iyong kahilingan. Posibleng kang tawagan ng hukom para itanong kung bakit gusto mong magpapalit ng petsa ng pagdinig.
Papalitan lang ang petsa ng pagdinig kung mayroon kang katanggap-tanggap na dahilan. Ang hukom ang magpapasya kung puwedeng palitan ang petsa o oras. Kakailanganin mo pa ring humarap at maging handa para sa iyong pagdinig maliban na lang kung sasabihin sa iyo na pinalitan ang petsa.

***Paano kung hindi ko na gustong umapela?***
Kung hindi mo na kailangan ng pagdinig, puwede mong bawiin ang iyong apela. Para bawiin ang iyong apela, sumulat sa o tawagan ang OAH, o sabihin sa hukom sa iyong pagdinig. Kung babawiin mo ang iyong apela, magiging PINAL ang pasya ng ESD sa kasong ito. Hindi mo ito maiaapela sa hinaharap. Puwede kang humiling na bawiin ang iyong apela online sa address na ito:
oah.wa.gov/Content-Area-Management/Forms-Hub/Withdrawal-Unemployment-Insurance

**Paghahanda para sa Pagdinig**
Nakasalalay sa apelang ito ang iyong mga karapatan. Responsibilidad mong ipresenta ang iyong argumento sa hukom.
Kakailanganin mong maghanda.

1. Basahin ang Abiso sa Pagdinig

2. Itala ang petsa at oras ng pagdinig para hindi mo makalimutang dumalo.

3. Basahin nang mabuti ang packet ng exhibit. Ang mga exhibit ay ang mga dokumentong nauugnay sa mga tunay na impormasyon o pangyayari na may kinalaman sa iyong kaso. Magsisimula sila sa liham ng pagpapasya na iniapela mo, na may walo hanggang sampung pahina sa iyong packet ng pagdinig, at susuriin nila ito hanggang sa dulo ng packet.
   **Tiyaking dala mo ang mga dokumentong ito sa pagdinig**.

4. Mayroon ka pa bang anumang karagdagang dokumento na makakatulong sa hukom na maunawaan ang mahahalagang impormasyon tungkol sa kaso?
   Kung oo, tingnan ang mga tagubilin sa ibaba sa “Pagsusumite ng Mga Dokumento.”

5. Puwede kang magsama ng mga saksi sa iyong pagdinig. Ang saksi ay isang tao na may direktang kaalaman tungkol sa impormasyon na gusto mong ipaalam sa hukom.

   Ibigay sa iyong mga saksi ang petsa, oras, numero ng telepono, at code ng pag-access mula sa Abiso sa Pagdinig para makapasok sila sa tawag para sa pagdinig

## Pagsusumite ng Mga Dokumento (Mga Exhibit)

Ang hukom lang ang may access sa packet ng exhibit at anumang iba pang dokumento na ipinapadala sa OAH para sa pagdinig.

Kung mayroon ka pang mga dokumento na gusto mong maipakita sa hukom, dapat mong ipadala kaagad ang mga ito sa OAH **at sa lahat ng iba pang panig na nakalista sa Abiso sa Pagdinig**.

Ipadala ang mga dokumento sa pamamagitan ng:

- Website: I-upload ang mga dokumento sa iyong kaso sa Portal ng Kalahok (tingnan ang kahon para sa mga tagubilin).
- Koreo: 16201 E. Indiana Avenue, Suite 3000
  Spokane Valley, WA 99216
- Fax: (509) 456-3980

**Mga limitasyon sa laki ng file**. Ang mga dokumentong ina-upload sa Portal ng Kalahok ay hindi puwedeng lumampas sa 1 gigabyte kada file. Ang mga electronic na file na ipinapadala sa OAH (USB flash drive) ay hindi puwedeng lumampas sa 2 gigabytes kada file.

Isumite online ang mga **video o audio na exhibit** sa pamamagitan ng Portal ng Kalahok ng OAH o sa pamamagitan ng koreo sa CD, DVD, o thumb drive (HINDI isasauli sa iyo ang mga ito). Dapat ay MP3 o MP4 ang uri ng file.

**Huwag patagalin ang pagsusumite ng iyong mga exhibit**. Isumite ang mga ito sa OAH at sa lahat ng iba pang panig mahigit dalawang araw ng negosyo (48 oras, hindi kasama ang mga weekend at holiday) bago ang iyong pagdinig.

**Hindi ipapadala ng OAH ang mga dokumento sa iba pang panig para sa iyo. Ikaw dapat ang gumawa niyon.** Kung ang iyong mga dokumento ay hindi maisusumite nang maaga sa OAH at iba pang panig, posibleng hindi maisaalang-alang ang iyong mga dokumento.

**Gamitin ang Portal ng Kalahok ng OAH**

Puwede kang bumisita sa website ng www.oah.wa.gov para sa electronic na pag-access sa iyong kaso. Puwede mong gamitin ang portal para magsumite ng mga dokumentong gusto mong maipakita sa hukom at para mabasa ang mga dokumento sa iyong rekord ng kaso bago ang pagdinig. Hindi ka makakatanggap ng abiso kapag nagdagdag ng mga dokumento sa rekord.

Ang mga tagubilin para makagawa ng account at ma-access ang iyong kaso ay nasa cover page ng iyong packet ng pagdinig. Kung nagkakaproblema ka sa site o sa pag-upload ng mga dokumento, tumawag sa **(800) 366-0955** para sa tulong.

Alisin ang kumpidensyal na impormasyon (gaya ng mga numero ng Social Security, numero ng bank account, at numero ng lisensya sa pagmamaneho) bago ipadala ang mga dokumento sa OAH at iba pang panig.

### Pagsasaliksik sa Iyong Kaso

Kung interesado ka sa pagsasaliksik sa mga batas na nalalapat sa iyong kaso, ang Binagong Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) at Pampangasiwaang Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) ay available sa www.oah.wa.gov.

Ang Handbook para sa Mga Walang Trabahong Manggagawa ng ESD ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagtanggap ng mga benepisyo. Responsibilidad mong unawain ang impormasyon sa Handbook. Iminumungkahi naming basahin mo ang Handbook bago ang iyong pagdinig.

Available sa website ng ESD ang Handbook ng ESD. Ang website ng ESD ay available sa Spanish at may ilang impormasyon na nasa 16 pang wika. Tawagan ang ESD sa 1-800-318-6022 kung ikaw ay nangangailangan ng interpreter o may mga tanong.

## Ano ang Nangyayari sa Isang Pagdinig?

Posibleng abutin nang hanggang dalawang oras ang iyong pagdinig, ngunit posible itong maging mas maikli. Ang mga pagdinig na may maraming apela, saksi, o isang interpreter ay karaniwang inaabot nang mas matagal kaysa sa iba pang pagdinig.

**Ikaw ay dapat na nasa tahimik na lugar at may malakas na signal ng telepono. Puwedeng makaabala sa pag-record ng pagdinig ang ingay sa background. Dapat kang gumamit lang ng speaker phone o Bluetooth headphones kung sisiguraduhin mong ang kalidad ng tunog ay maganda at hindi sira.**

Kapag nagsimula ang pagdinig, ilalarawan ng hukom ang kaso at ang proseso ng pagdinig. Hihilingin ng hukom sa bawat isa na magpakilala. Ire-record ang pagdinig.

Ang hukom ang magpapasya kung kailan makakapagsalita ang bawat tao. Ang hukom ay magtatanong (tingnan sa ibaba) at ipapaliwanag niya kung sino pa ang magkakaroon ng pagkakataong magtanong sa pagdinig.

Ang lahat ng panig ay magkakaroon ng pagkakataon na magpaliwanag.

Ang hukom ay magbibigay ng nakasulat na pasya batay sa testimonya at mga dokumento. Ang pasya ay ia-upload

sa Portal ng Kalahok. Puwede mong piliin na matanggap ang pasya sa pamamagitan ng koreo.

Ang pagdinig ang natatangi mong pagkakataon para masabi ang iyong kuwento at maibahagi ang iyong mga dokumento. Kung hiniling mo ang pagdinig ngunit hindi ka lalahok, ang iyong kahilingan sa pagdinig ay idi-dismiss at mananatiling may bisa ang pasya ng ESD.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng hukom, mayroon kang karapatang maghain ng apela sa Tanggapan ng Pagsusuri ng Komisyoner sa ESD. Ang nakasulat na pasya ay maglalaman ng mga tagubilin at deadline ng pag-apela.

**Para sa higit pang impormasyon, at halimbawa ng video (sa English at Spanish) ng isang pagdinig at higit pang madalas na itanong, bumisita sa aming website sa**

**www.oah.wa.gov**

**Kung mayroon kang anumang tanong, tumawag sa: (800) 366-0955**

## Mga Posibleng Itanong ng Hukom sa Pagdinig

Maging handang sagutin ang mga tanong na ito sa iyong pagdinig kung nauugnay ang mga ito sa iyong kaso.

Sa lahat ng sitwasyon, kung ikaw ang claimant:

- Kailan ka nagsimulang maghain ng mga lingguhang claim para sa mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho?
- Kailan ka humintong maghain ng mga lingguhang claim?
- Habang naghahain ka ng mga lingguhang claim, ikaw ba ay:
  - may pisikal na kakayahang magtrabaho?
  - available na magtrabaho nang walang anumang limitasyon sa iyong oras?
  - aktibong naghahanap ng trabaho?
- Kung ikaw ay nawalan ng kakayahan o naging hindi available na magtrabaho, ano ang mga petsa o oras ng araw ka nawalan ng kakayahan o naging hindi available na magtrabaho?
- Bakit ka nawalan ng kakayahan o naging hindi available na magtrabaho para sa mga petsa o oras na iyon?
- Kung naaangkop, bakit ka hindi naghanap ng trabaho?

Kung nauugnay sa pagkakatanggal (umalis o sinisante) sa trabaho ang iyong kaso:

- Ano ang mga petsa ng pagsisimula at pagtatapos ng pagtatrabaho?
- Paano natapos ang pagtatrabaho?
- Kung ikaw ang claimant at umalis ka sa iyong trabaho, bakit ka umalis?
- Kung ikaw ang employer at sinisante mo ang claimant, bakit mo sinisante ang claimant?

Sa mga sitwasyon kung saan ang mga benepisyo ay binawasan para sa pagtanggap ng anumang uri ng kita:

- Ano ang mga eksaktong halaga na kinita mo o ibinayad sa iyo para sa bawat linggo na naghain ka ng mga lingguhang claim para sa mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho?
- *Ipunin ang mga paystub o iba pang dokumento na nagpapakita ng mga halagang ito. Puwede mong isumite ang mga ito sa hukom at iba pang panig bago ang petsa ng pagdinig, gamit ang mga tagubilin sa pahina 2.*

Sa mga sitwasyong nauugnay sa iyong kahilingan na mag-waive ng overpayment:

- Ano ang detalyadong mga buwanang gastos at kita para sa lahat ng miyembro ng inyong sambahayan?
- Ano ang mga utang at asset na mayroon ka?
- Mayroon bang iba pang bagay na magdudulot sa iyo ng paghihirap sa pinansyal na aspeto na mabayaran ang overpayment?
- *Ihanda ang mga tala o dokumento para sa iyong pagdinig para makapagbigay ng tumpak at kumpletong impormasyon sa hukom.*

## Pagkatawan

Puwede mong katawanin ang iyong sarili sa iyong pagdinig, o puwede kang humiling sa iba na kumatawan sa iyo. Ang karamihan sa mga tao na dumadalo sa mga pagdinig kaugnay ng pagkawala ng trabaho ay kumakatawan sa kanilang mga sarili.

**Magagawa mong katawanin ang iyong sarili o tumawag tungkol sa libreng tulong legal.**

Ginawa ang proseso ng pagdinig para magawa ng mga tao na katawanin ang kanilang mga sarili.

Kung may ibang tao na kumakatawan sa iyo, sasagutin niya ang mga tanong na may kaugnayan sa batas at pamamaraan at gagawa siya ng mga legal na argumento para sa iyo. Hindi magagawa ng iyong kinatawan na tumestigo para sa iyo at na magsalin para sa sinuman.

Hindi kinakailangang abogado ang iyong kinatawan. Puwedeng kang katawanin ng kaibigan o miyembro ng pamilya.

Puwede ka ring kumuha ng abogado. Ikaw mismo ang kukuha sa abogadong iyon. Hindi magbabayad ang Estado para sa iyong abogado.

## Mga Resource

May ilang organisasyong nagbibigay ng libre o murang serbisyong legal.
Kung interesado ka, narito ang ilan sa mga resource na puwede mong makaugnayan para sa tulong:

| Pangalan ng Resource | Numero ng Telepono | Website |
|---|---|---|
| Unemployment Law Project<br><br>(Libreng legal na pagkatawan. Nagbibigay ng mga libreng Interpreter) | (888) 441-9178<br><br>Email: info@ulproject.org | https://unemploymentlawproject.org |
| CLEAR<br>(Northwest Justice Project) | (888) 201-1014 | https://www.washingtonlawhelp.org |
| Washington State Bar Association | (800) 945-9722 | https://www.wsba.org/for-the-public/find-legal-help |